

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F

Community Activity Support Section



Website ♪



Instagram ♪



Consultation counter for foreign residents

Kung may mga gustong itanong, pag-alala at iba pa, huwag mag-alinlangan na bumisita sa opisina. Makatulong at makapagbigay ng impormasyon ang opisina tulad ng sumusunod:

- Impormasyon at iba pa na makakatulong sa paninirahan sa Koshigaya
- Impormasyon kaugnay sa mga ahensya at iba pa kung saan pwedeng makipag-ugnayan
- Makapagbigay rin ng assistance bilang interpreter sa mga opisina ng city hall para sa mga hindi kabisado sa wikang Hapon at kung kinakailangan

ISKEDYUL 9:00am – 4:30pm, Lunes hanggang Biyernes (Maliban kung holiday)

SAAN Koshigaya City Hall Main Building 3rd floor, sa Community Activity Support Section

WIKA English, Chinese, Filipino, Vietnamese & Simple Japanese

*May available na online interpreter para sa ibang wika

IMPORMASYON Community Activity Support Section (SHIMIN KATSUDO SHIEN KA), ☎048-963-9114

Notipikasyon kaugnay sa National Health Insurance (NHI)

Kailangan gawin ang sumusunod sa loob ng 2 linggo (kung maari) upang maiwasan ang doble na pagbabayad ng premium o health insurance tax.

- 1) **Pag-proseso ng pagsali sa NHI:** kung nawala ang membership sa employee's health insurance o *shakai hoken* dahil huminto sa trabaho at iba pa
- 2) **Pag-proseso ng paghinto sa pagsali ng NHI:** kung nagkakaroon ng ibang health insurance tulad ng sa pinapasukang kompanya at iba pa.

*Kailangan gawin ang mga nabanggit na pag-prosesong ito kahit na ginagamit pa ang my number card (MYNA HOKENSHO) bilang health insurance card.

IMPORMASYON: National Health Insurance and Pension Section (KOKUHO NENKIN KA)

☎048-963-9146 / City Hall Building 2 - 1F

Subsidy na makakatulong sa budget

Kaugnay sa pagtaas ng presyo ng mga bibilhin, magbibigay ang gobyerno ng pinansyal na tulong para sa mga may planong bumili at palitan ng energy saving appliances ang gamit ng bahay.

ANO	Pambili ng air conditioner o refrigerator	Pambili ng security camera
MAGKANO	50% sa presyo ng bibilhin na aytem (ngunit may nakatakdang maximum limit sa subsidy na ibibigay)	
IMPORMASYON	Environmental Policy Section (KANKYO SEISAKU KA)	Citizens Services Section (KURASHI ANSHIN KA)
	☎ 048-963-9183 / City Hall Third Building – 4F	☎ 048-963-9185 / City Hall Main Building – 3F

*Para sa detalye at iba pa, tingnan sa website ng Koshigaya.

Notipikasyon para makatanggap ng child allowance

Ang naging pasok para sa mga pwedeng tumanggap ng child allowance o JIDO TEATE ay nagbago simula sa buwan ng Oktobre noong nakaraang taon. Wala ng limit sa kinikita at kahit sino na may anak na nasa edad bago makapagtapos ng high school (hanggang 18 years old) ay pwede ng tumanggap ng allowance. Makipag-ugnayan sa opisina kung kinakailangan.

DEADLINE NG PAGSUMITE NG NOTIPIKASYON: Marso 31, 2025

*Hindi kailangan mag-notify kung kasalukuyang tumanggap ng child allowance.

*Isumite ang notipikasyon sa opisina ng Child Welfare Section o di kaya by postal mail.

Pwede ring gawin online (electronic application).

IMPORMASYON: Child Welfare Section (KODOMO FUKUSHI KA), ☎ 048-963-9166

City Hall Second Building – 2F

Subsidyo para sa complete medical checkup

(para sa membro ng NHI, medical care system for the elderly)

ANO: Pinansyal na tulong para sa mga nagpa complete medical checkup sa piskal na taon 2024.

MAGKANO: ¥10,000 (max), 1 beses sa 1 taon

SINO ANG PWEDENG MAKATANGGAP:

- Ang edad ay 35 years old at pataas
- Membro ng national health insurance o di kaya ng medical care insurance for the elderly
- Kailangan nakapagbayad sa lahat ng insurance tax o premium
- Kailangan hindi sumali sa specific health checkups ng siyudad sa piskal na taon 2024

PAANO: Pagkatapos magkaroon ng complete medical checkup, isumite ang porma ng aplikasyon sa opisina ng National Health Insurance and Pension Section.

*Ang porma ng aplikasyon ay makukuha sa opisina na nakasulat sa ibaba

DEADLINE NG APLIKASYON: Marso 31, 2025

IMPORMASYON: National Health Insurance and Pension Section (KOKUHO NENKIN KA)

City Hall Second Building – 1F

– Kung pasok sa NHI,

National Health Insurance and Pension Section (KOKUHO NENKIN KA), ☎ 048-963-9154

– Kung pasok Medical Care System for the Elderly (KOKI KOREISHA IRYO SEIDO), ☎ 048-963-9170

Aplikasyon para sa mass screening ng mammogram

ANO: Mammography examination o pagsusuri ng kanser sa suso

SINO ANG PWEDENG MAGPA CHECKUP:

- Ang edad ay 35 years old at pataas (ngunit ipinanganak sa buwan ng Enero, Marso, Mayo, Hulyo, Setyembre at Nobyembre)
- Hindi pa nagkaroon ng mammogram sa piskal na taon 2024

PAALAALA: Hindi pwedeng magpa mammogram kung buntis.

MAGKANO: ¥1,500 / Depende sa sitwasyon, may mga pasyente na walang bayad

APLIKASYON: Marso 12 – Mayo 29. Isumite ang aplikasyon online (electronic application)

*Mangyaring mapaaga ang deadline kung umaabot na sa limit ng tatanggapin na pasyente.

IMPORMASYON: Health Promotion Section (KENKO ZUKURI SUISHIN KA), ☎ 048-960-1100

Sali na! sa Disaster Drill ng Koshigaya City at Mashibayashi District

Magkakaroon ng disaster prevention drill sa Koshigaya City na gaganapin sa Mashibayashi District. Ito ay upang maging handa ang mga residente sa panahon ng emerhensya at iba pa.

KAILAN: Marso 16, Linggo; 9:00am – 12:00noon

SAAN: General Park Multi-Purpose Ground
Mashibayashi Community Center

MGA GAGAWIN:

- Pagsasanay sa paggamit ng fire extinguisher
- Pagranas ng lindol gamit ang earthquake simulation vehicle
- Pagranas ng paggamit ng AED at iba pa

PAALALA:

- *Mangyaring mag-iba ang detalye ng mga gagawin kung masama ang panahon tulad ng malakas na ulan at iba pa.
 - *Libre ang pagsali at hindi kailangan ng reserbasyon.
 - *Walang maparadahan ng sasakyan sa venue.
- Mag bus, bisekleta o maglakad papunta sa lugar.

IMPORMASYON: Crisis Management Office (KIKI KANRI SHITSU)

City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9285



~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

Ang magbabahagi ngayong buwan ng Marso ay si Kanemoto-san.

Siya ay isa sa coordinator for international relations (English in charge) na nagtatrabaho sa Koshigaya City Hall.

Ang pag-uusapan ngayong buwan na ito ay tungkol sa isang kultura ng Japan na tinatawag na HANAMI.

Kumusta ka? Napakabilis ng panahon at nagsisimula na naman ang tagsibol o spring. Dumadami na ang mga araw na hindi na masyadong malamig ang simoy ng hangin. Sa Japan, marami ang naghihintay sa pamumulaklak ng mga halaman at mga punong-kahoy ngayong spring. Isa sa mga pinaka hihintay ng mga tao ay ang pamumulaklak ng cherry blossom trees dahil ito ay isa sa mga bulaklak naging representatibo o popular sa Japan.

Sa katapusan ng Marso hanggang sa unang lingo ng Abril ang pinaka-peak ng pamumulaklak ng cherry blossoms. Marami ang lumalabas para mag-picnic sa mga panahong ito. Karamihan ay may dalang pagkain para sa gagawing picnic. Naging isa na rin ito sa kultura ng Japan na tinatawag na *HANAMI*, o cherry blossom viewing.

Ako rin, ay taon-taong lumalabas para mag-*HANAMI*. Isa ito sa paborito kung ginagawa tuwing spring. Naghahanda ako ng maraming pagkain para dadalhin at pumupunta ako sa lugar na maraming cherry blossoms. At sa halip na mag-enjoy sa ganda ng mga bulaklak, napansin ko na mas naka-focus at nag-enjoy ako sa dala kong pagkain. Ako lang kaya?

Sa Koshigaya ay marami ring lugar kung saan pwedeng mag-*hanami*. Tara na! mag-enjoy tayo sa isang kultura ng Japan na *HANAMI* lalo na ngayong spring!

Japanese Language Classes sa Buwan ng Marso

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
						1 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
2	3	4	5 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	6	7 ☆Nihongo de Go! ①	8 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
9	10	11	12 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	13	14 ☆Nihongo de Go! ②	15 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku
16	17	18	19 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon	20 Vernal Equinox Day	21 ☆Nihongo de Go! ①	22 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai
23	24	25	26	27	28 ☆Nihongo de Go! ②	29 ☆Lingual Koshigaya
30	31					

NIHONGO CIRCLE 【¥100 PER LESSON】

*Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon)

KAILAN: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM - 12:00 noon

SAAN: Central Community Center
(Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F

IMPORMASYON:

☎080-5405-9191 (TANAKA-SAN)



LINGUAL KOSHIGAYA 【LIBRE】

*Mag-text bago magpunta.

KAILAN: Tuwing Sabado, 10:00 AM - 12:00 noon

SAAN: Central Community Center
(Chuo Shimin Kaikan), 5F

IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN)

KOSUMO NIHONGO SALON 【¥100 PER LESSON】

KAILAN: Tuwing Miyerkules
7:00 PM - 8:30 PM

SAAN: Hot Koshigaya,
Parte Kita-Koshi 3rd floor

IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN)



TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU 【LIBRE】

KAILAN: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM - 3:30 PM

SAAN: Community Activity Support Center
(Twin City B-City 5th floor)

IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN)

NIHONGO DE GO! 【¥100 PER LESSON】

KAILAN: Tuwing Biyernes, 1:30 PM - 3:30 PM

SAAN: ①Co-op Plaza Koshigaya
②Minami Koshigaya Community Center (Pallette)

IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN)

KOSUMO KODOMO KYOSHITU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI 【LIBRE】

KAILAN: Tuwing Sabado, 1:30 PM - 3:30 PM
(Maliban sa ika-5 Sabado ng buwan)

SAAN: Saitama Resona Sengendai Branch 3F
Resona Youth Base

IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (in-charge)

